

**Ang Protecting Blue Whales and Blue Skies ay isang
pagtutulungan
para sa mas malinis na hangin, mas ligtas na balyena at
mas payapang mga karagatan**



Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands	Foundation ng Santuwaryong Pandagat ng California
Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Cordell Bank	Center para sa Pangangalaga ng Kapaligiran
Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area)	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Greater Farallones	Foundation ng Pambansang Santuwaryong Pandagat
	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Monterey Bay	Foundation ng Volgenau

ILALABAS KAAGAD
Ika-19 ng Hunyo, 2018

Mga Kokontakin:

Chris Mobley, Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands, 805-893-6416
 Mike Villegas, Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County, 805-645-1440
 Mary Byrd, Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County, 805-961-8833
 Kristen Hislop, Center para sa Pangangalaga ng Kapaligiran, 805-963-1622
 Tom Flannigan, Bay Area Air Quality Management District, 415-749-4900
 Michael Carver, Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Cordell Bank, 415-464-5262

Inilunsad ng mga katuwang ang 2018 na programa upang protektahan ang mga asul na balyena at asukl na kalangitan

SANTA BARBARA, Calif. — Inanunsyo ngayong araw ng mga katuwang sa isang inisiyatiba upang bawasan ang pagpaparumi sa hangin at protektahan ang mga balyena ang paglulunsad ng 2018 na programang insentibo, na magsisimula sa ika-1 ng Hulyo at matatapos sa ika-15 ng Nobyembre 2018, na may mga bahagi para sa boluntaryong pagbawas ng bilis ng barko (vessel speed reduction, VSR) sa bahagi ng Pampang ng Santa Barbara at bahagi ng San Francisco Bay.

Para sa 2018 na programa, ang mga pinansyal na insentibo ay igagawad sa mga kumpanyang naghahatid batay sa porsiyento ng inilakbay na biyahe ng mga barko sa pamamagitan ng mga VSR zone sa 10 knots o mababa at may karaniwang bilis na hindi lalampas sa 12 knots. Ang 10 knot na target ay pinili ng pagtutulungan para pare-pareho ito. Hinihiling ng Mga Pambansang Santuwaryo para sa Pangangasiwa ng Karagatan at Atmospera (National Oceanic and Atmospheric Administration, NOAA) ang mga barkong may kabuuang 300 tonelada o mas malaki na bumagal sa 10 knots o mababa sa mga buwan ng pinakamarami ang balyena upang protektahan ang mga balyena mula sa mga nakamamatay na pagbangga ng barko.

Makakatanggap ang mga kumpanyang naghahatid ng mga pinansyal na gawad sa iba't ibang antas batay sa pagsunod ng kanilang armada sa mga pamantayan ng programa. Ang apat na antas ng gawad ay tanso, pilak, ginto at sapiro. Halos \$300,000 ang magagamit para sa 2018 na programa. Ang mga gawad ay mula humigit-kumulang na \$1,000 hanggang \$35,000 (o mas mataas sa mga espesyal na sitwasyon) bawat kumpanya.

Ang Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County (Ventura County Air Pollution Control District, VCAPCD) ay magbibigay ng \$175,000 para sa 2018 na Programa mula sa isang pag-aayos para sa Karagdagang Pangkapaligirang Proyekto na nakuha sa pamamagitan ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California. Si Mike Villegas na Opisyal na Tagakontrol ng Pagpaparumi sa Hangin sa VCAPCD, ay sinabing, "Tuwang-tuwa kaming matanggap ang pondo sa pag-aayos na ito, na tumitiyak sa \$175,000 para sa 2018, at isa pang \$175,000 para sa 2019 na programa. Ang pagbawas ng mga bilis ng barko ay binabawasan nang malaki ang mga emisyon ng mga nagpaparumi na bumubuo ng smog, at tutulungan nito ang aming Distrito na makuha ang mga pamantayan ng estado at pederal sa kalidad ng hangin para sa ozone (smog)."

Ang balanse ng pagpopondo para sa 2018 na Programa ay mula sa iba pang mga lumalahok na air district, at ang Foundation ng Volgenau. Sinabi ni Aeron Arlin Genet, Direktor ng Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County na, "Nasasabik kaming palawakin ang programa ngayong taon sa armada na pamamaraan. Magbibigay ito ng pinagandang pagkilala sa mga kumpanyang iyon na gumagawa ng pinakamagandang mga pangako sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin at pagprotekta sa mga balyena."

Binanggit ni Chris Mobley na superintendent ng Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands na, "Ang pagpapalawak ng programa tungkol sa Pagbawas ng Bilis ng Barko at pagsasama nito sa aming pana-panahong pagpapayo tungkol sa lugar na may balyena ay pinagaganda ang aming mga pagsusumikap sa pangangalaga para sa balyenang asul, humpback at fin na kumakain sa mga pambansang santuwaryong pandagat ng Kanlurang Baybayin."

Sinabi ni Michael Carver, Deputy Superintendent sa Pambansang Santuwaryong Pandagat sa Cordell Bank na, "Sa panahon na pinakamarami ang balyena, hiniling ng Greater Farallones ng Bay Area at ng Mga Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Cordell Bank na bumagal ang mga barko sa 10 knots sa mga linya ng trapiko ng San Francisco. Ngayong taon, sa pakikipagtulungan sa Bay Area Air Quality Management District, inaasahan naming kilalanin ang mga kumpanyang iyon na gumawa ng pinakamagandang pangako sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin at pagprotekta sa mga balyena."

Si Kristen Hislop, na Direktor ng Pangangalaga sa Dagat sa Center para sa Pangangalaga ng Kapaligiran na, "Bilang isa sa mga katuwang na nagtatag ng unang VSR na programa sa Pampang ng Santa Barbara noong 2014, hinihikayat kami ng paglaki ng programang ito at natutuwa na sa pinahusay na proteksyon ang 10 knot na layunin ngayong taon ay matutugunan ang mga nanganganib na balyena sa aming rehiyon."

"Sa pagpapalawak ng programa sa Bay Area noong nakaraang taon, humanga ang Air District sa tugon mula sa mga kumpanyang naghahatid sa pangakong pagandahin ang kalidad ng hangin at protektahan ang mga balyena," ang sabi ni Jack Broadbent, Tagapagpaganap na Opisyal ng Bay Area Air Quality Management District. "Sa pagpapatuloy sa mga pagsusumikap na ito upang bawasan ang mga bilis ng mga barkong naghahatid ngayong tag-init, makikinabang ang aming rehiyon mula sa mga pagpapaganda sa kalidad ng hangin at sa kapaligirang pandagat."

"Binabati namin ang mga distrito ng pagkontrol sa pagpaparumi sa hangin at ang mga pambansang santuwaryong pandagat ng kanlurang baybayin para sa pakikipagtulungan sa mga kumpanyang naghahatid sa mahalagang pagtutulungan na ito upang mapaganda ang kalidad ng hangin at pangalagaan ang mga balyena. Ang armadang pamamaraan at ang pagsasama ng mga insentibo sa

pana-panahong pagpapayo tungkol sa mga lugar na may balyena ay palalaksin ang mga layuning ito," ang sabi ni Kristen Sarri, Presidente at Opisyal na Pinunong Tagapagpaganap ng Foundation ng Pambansang Santuwaryong Pandagat.

Para lumahok sa programa, ang mga kumpanya ay hinihiling na isumite ang listahan ng mga barko (mga barkong may kargang container at roll-on, roll-off na mga barko kilala bilang mga Ro-Ro) bago ang ika-30 ng Hunyo, kung maaari (at hindi lalampas sa ika-10 ng Hulyo, 2018) na dadaan sa mga rehiyon ng VSR sa ika-1 ng Hulyo hanggang ika-15 ng Nobyembre, 2018. Makakakuha ng karagdagang impormasyon, kabilang ang mga mapa, materyal at mga form para mag-sign up sa www.ourair.org/air-pollution-marine-shipping/.

###